

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-5 ng Mayo 2020

PAGBUBUKAS MULI NG MGA PAARALAN

Patuloy pa rin ang pagsasagawa ng emergency childcare ngayong linggo, hanggang sa pagtatapos nito sa Huwebes, sa ika-7 ng Mayo.

Magbubukas muli ang mga paaralan sa ika-11 ng Mayo. Naghahanda na ng karagdagang impormasyon ang mga paaralan para sa lahat ng mga magulang.

Magbubukas ding muli ang Camp Education sa ika-11 ng Mayo. Dahil sa paghihigpit sa pagbabahe, may mga pagbabagong ilalagay, tulad ng mga paghihigpit para pigilan ang mga bumabagong guro ng Camp Education na pupunta ng West Falkland. Makikipagugnayan kami sa mga magulang ng mga batang karaniwang nagtatrabaho sa pamamagitan ng Camp Education, ng sa gayon kayo ay maabisuhan sa inyong sitwasyon.

Sa mga estudyante na hindi makaka-attend sa paaralan, tulad ng mga kabataan na kailangang magpatuloy na mag self-isolate dahil sa abisong medikal, at/o ang mga estudyante sa Camp na hindi makababahe papuntang paaralan dahil sa mga paghihigpit sa pagbabahe ay makakatanggap ng suporta para sa remote learning. Makikipagugnayan ang mga paaralan sa karagdagang balita tungkol sa kung paano ito makikipag-trabaho sa mga pamilya, sa loob ng linggong ito.

Walang paghihigpit sa mga taong nakatira sa East Falkland na makababahe papuntang Stanley para dalhin ang kanilang mga anak sa paaralan at sa Stanley House, hangga't hindi sila papasok o labas ng MPC.

Ang mga paaralan ay walang kapasidad na makapagbigay ng suporta para sa remote learning para sa mga magulang na piniling huwag ipadala ang kanilang mga anak sa paaralan ng walang abisong medikal, at kung saan posible naman para sa kanila na bumabahe papunta ng paaralan. Kung nais ng mga magulang na sabihin ang kanilang mga alalahanin, maaaring makipagugnayan sa mga paaralan o sa School Nurse service sa numerong 28080.

Kasalukuyang walang serbisyo ng internet at telepono sa FICS, maaaring makipagugnayan sa Education Office sa numerong 27289, kung kailangang makipagugnayan sa FICS.

Ang mga estudyante ng Year 11 ay hindi babalik sa ika-11 ng Mayo. Ang Falkland College at FICS ay nagpapalano ng isang transition programme para sa mga estudyante ng Year 11, at ang karagdagang impormasyon ay ipapadala sa lalong madaling panahon na maglalaman ng impormasyon tungkol sa mga estudyanteng naghahanap ng oportunidad sa pagtatrabaho.

Ang Stanley House ay magbubukas muli sa ika-11 ng Mayo, ng may kaugnayan sa mga pangangailangan. Ang mga magulang ay kasalukuyang tinatawagan para ng sa gayon ay masuri naming ang mga pangangailangan at makagawa ng mga kaukulang dami ng staff at pagpapalano sa accommodation. Aming nauunawaan na ang mga kasalukuyang paghihigpit sa mga byahe ay pumipigil sa mga estudyante sa West Falkland na makabalik sa mga paaralan at sa Stanley House, samakatuwid ay may ilalagay na mga suporta para sa remote learning.

ANG ATING PATNUBAY SA SOCIAL DISTANCING

Bilang kasama sa mga gawain na inanunsyo noong Biyernes, ipapakilala naming ang mga bagong patnubay tungkol sa social distancing na makakapagbigay ng ilang pagluluwag ng mga paghihigpit sa mga social at pisikal na mga gawain.

Para lubos mong maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito, ilalathala namin ngayong araw ang patnubay na *Socially Connected, Physically Protected*. Ito ay makikita sa webpage na fig.gov.fk/covid-19 at may nakalimbag din na mga kopya na makukuha sa Post Office at iba pang mga outlets.